Mensahe Tatlo

# Inihahanda ang Ating sarili para sa Pagdating ng Panginoon sa pamamagitan ng Pagtalima sa Propetikong Salita gaya sa isang Ilawang Nagniningning sa isang Madilim na Lugar Hanggang sa Magbukang-Liwayway ang Araw at Sumilay ang Tala sa Umaga sa Ating mga Puso

Babasahin sa Kasulatan: 2 Ped. 1:19; Aw. 119:105, 130; Apoc. 2:28; Mal. 4:2; 1 Tes. 5:4-6

**I. Mahalaga para sa mga mananampalataya na tumalima sa propetikong salita—2 Ped. 1:19a:**

A. Ang mga propesiya ay mga bagay na hinihiling ng Diyos upang malaman natin, at dapat tumalima ang mga mananampalataya sa mga ito—1 Ped. 1:10; 2 Ped. 3:2; Luc. 1:70.

B. Inatasan tayo ng Panginoong Hesus na unawain ang mga propesiya; malinaw na ipinapakita nito na dapat magbigay pansin ang mga mananampalataya sa mga propesiya sa Bibliya—Mat. 24:15; cf. Dan. 9:24-27.

C. Kung ang ekklesia ay hindi magbibigay ng sapat na pansin sa mga propesiyang ito, maraming mananampalataya ang walang salang mawawalan ng pananampalataya, malilinlang ng mga kasinungalingan, mapipinsala dahil sa kakulangan ng kaalamang iyon, at malilimutan ang pagdating ng Panginoon sa pagiging hindi mapagbantay—Oseas 4:6; 1 Tes. 5:4-6; Mat. 24:42; 1 Ped. 5:8.

D. Kung ang mga mananampalataya ay hindi nagtataglay ng mga propesiya sa Bibliya, sila ay mahuhulog sa kadiliman—Gawa 26:18; Juan 12:35-36; Efe. 5:8-9:

1. Ang kasalukuyang kapanahunan ay ang gabi—Roma 13:12; 1 Tes. 5:4-8.
2. Pagdating ng Panginoong Hesus, ang araw ay magbubukang-liwayway (2 Ped. 1:19c), at ang kasunod na kapanahunan, ang kapanahunan ng kaharian, ay ang araw.

**II. Inihahalintulad ni Pedro ang salita ng propesiya sa Kasulatan sa isang ilawang nagniningning sa madilim na lugar—b. 19b:**

A. Itpinahihiwatig nito na ang kapanahunang ito ay isang madilim na lugar sa gabing madilim (Roma 13:12), at lahat ng tao sa sanlibutang ito ay gumagalaw at kumikilos sa kadiliman (cf. Gawa 26:18).

B. Ang propetikong salita ng Kasulatan, bilang nagniningning na ilawan sa mga mananampalataya, ay naghahatid ng espirituwal na liwanag na nagniningning sa kanilang kadiliman (hindi lamang kaalaman sa mga titik para sa kanilang kaisipang pagkaunawa), ginagabayan sila tungo sa isang maliwanag na araw, na dumaraan sa gabing madilim hanggang sa magbukang-liwayway ang araw ng pagpapakita ng Panginoon—2 Ped. 1:19b; 2 Tim. 4:8; 1:12.

C. Bago magpakita ang Panginoon bilang ang sinag ng araw, kailangan natin ang salitang ito bilang liwanag upang magningning sa ating mga yapak—Mal. 4:2; Aw. 119:105, 130.

D. Kung tatalima tayo sa propetikong salita ng Bibliya, na nagniningning bilang isang ilawan sa isang madilim na lugar, tataglayin natin si Kristong sumisilay sa ating mga puso upang magningning sa kadiliman—2 Ped. 1:19b.

**III. Kailangan nating tumalima sa nagniningning na ilawan sa isang madilim na lugar, hanggang magbukang-liwayway ang araw at sumilay ang tala sa umaga sa ating mga puso—b. 19c:**

A. Ang mga Griyegong salitang isinaling “madilim na lugar” ay maaari ding isaling “mapanglaw na lugar,” isang lugar na nanlilimahid, tuyo, at napapabayaan.

B. *Ang araw* ay isang talinghagang naglalarawan ng isang panahong darating na magiging punó ng liwanag, bilang isang maningning nagbubukang-liwayway na araw, na may tala sa umagang sumisikat, bago ang pagbubukang-liwayway nito, sa mga puso ng mga mananampalataya, na naiilawan at naliliwanagan sa pamamagitan ng pagtalima sa nagniningning na salita ng propesiya sa Kasulatan:

   1. Ito ang magsasanhi at maghihikayat sa mga mananampalataya na marubdob na hanapin ang presensya ng Panginoon at maging mapagbantay upang hindi nila makaligtaan ang Panginoon sa lihim na bahagi ng Kanyang pagdating (parousia), pagdating Niya bilang isang magnanakaw—Mat. 24:27 at talababa 1, bb.42-43; 2 Tes. 2:8 at talababa 3.
   2. Ang talinghagang ito ay tumutukoy sa darating na kapanahunan, ang araw ng kaharian, bilang isang araw na magbubukang-liwayway sa pagpapakita (ang pagdating) ng Panginoon bilang ang Araw ng katuwiran, na ang liwanag ay magniningning upang pawiin ang kapanglawan ng gabing madilim ng kapanahunang ito—Mal. 4:2.

C. Ang tala sa umaga ay nagpapakita sa pinakamadilim na oras, bago ang pagbubukang-liwayway—Apoc. 22:16b; cf. Bil. 24:17; Mat. 2:2, 9-10:

   1. Ipinapahiwatig nito na si Kristo ay magpapakita bilang ang maningning na tala sa umaga sa pinakamadilim na oras, bago ang katapusan ng kapanahunang ito—Apoc. 22:16b.
   2. Ang pagpapakita ng Panginoon bilang ang tala sa umaga at ang Kanyang pagpapakita bilang ang Araw ng katuwiran ay hindi magkasabay—2:28; Mal. 4:2:
      a. Ang tala sa umaga ay nagpapakita bago ang pagbubukang-liwayway, at ang pagpapakita ng araw ay nagaganap matapos ang pagbubukang-liwayway ng araw.
      b. Bilang ang Araw ng katuwiran matapos ang pagbubukang-liwayway, si Kristo ay hayagang magpapakita sa lahat ng mga tao sa lupa—b. 2.
      c. Bilang ang maningning na tala sa umaga bago ang pagbubukang-liwayway, Siya ay pribadong magpapakita sa mga mandaraig na nagbabantay, naghahanda, at naghihintay para sa Kanya—Apoc. 22:16b.
      d. Sikreto Niyang ibibigay ang Kanyang sarili bilang ang tala sa umaga sa mga umiibig sa Kanya at nagbabantay at naghihintay para sa Kanya upang una silang makatikim sa kasariwaan ng Kanyang presensya sa Kanyang pagbabalik matapos ang matagal na pagkawala—2:28.

D. Kapag tumatalima tayo sa salita ng Kasulatan gaya sa isang ilawang nagniningning sa isang madilim na lugar, ang kundisyon sa loob natin ay magiging gaya ng pagbubukang-liwayway at sisilay ang tala sa umaga sa ating mga puso—2 Ped. 1:19c:

   1. Sa patalinghaga, *ang nagbubukang liwayway na araw* ay tumutukoy sa darating na kapanahunan ng kaharian bilang isang maningning na nagbubukang-liwayway na araw—cf. Mat. 13:43.
   2. Hinggil sa mga sarisag ni Kristo, ang buong Bibliya ay nagsisimula sa Kanya bilang ilaw at nagtatapos sa Kanya bilang ang tala sa umaga—Gen. 1:3; Apoc. 2:28; 22:16b.

3. *Ang tala sa umaga* ay tumutukoy kay Kristo, sa pinakamadilim na oras ng gabi, bago ang pagbubukang-liwayway ng kapanahunan ng kaharian, na sikretong sisilay sa mga puso ng mga umiibig sa Kanyang pagpapakita—b. 16b.
4. Kung tayo ay patuloy na tatalima sa nagniningning na salita ng mga Kasulatan, tataglayin natin ang kaharian bilang ang nagbubukang-liwayway na araw sa loob natin at si Kristo bilang ang tala sa umaga ay sisilay sa ating mga puso bago ang Kanyang aktuwal na pagpapakita bilang ang maningning na tala sa umaga—2 Ped. 1:19; Apoc. 2:28.
5. Si Kristo bilang ang tala sa umaga ay ibibigay sa mga mandaraig bilang kanilang unang gantimpala; kailangan nating ihanda ang ating sarili para sa sikretong pagpapakita ng Panginoon bilang ang tala sa umaga—bb. 28-29.

*© 2023 Living Stream Ministry*